



MGA SERYE SA PAGPIGIL NG KRIMEN NG PUWERSA NG PULISYA SA NSW

Protektahan ang iyong mga anak online

Ang paggamit ng mga mobile na telepono, tablet at kompyuter ay karaniwan na sa buhay ng karamihan ng tao.

Hinihikayat ang mga bata na gamitin ang mga aparatong ito upang makatulong sa kanilang pag-aaral at manatiling konektado, ngunit ang teknolohiyang ito ay maaari ring gamitin ng mga mandaragit sa online (online predators) upang targetin ang mga bata.

Maraming bata ang gumagamit ng mga aparatong mobile upang manatiling kaugnay ng mga kaibigan sa pamamagitan ng social media. Habang gamit ang mga site na ito, mayroong pagkakataon na sila ay maka-ugnay ng mga mandaragit sa online (online predator).

Narito ang ilang simpleng hakbang na maaaring gawin nating lahat upang maprotektahan ang ating mga anak kapag naka-online sila.

Mga bata - protektahan ang inyong sarili kapag online

- **HUWAG** mag-post ng personal na impormasyon, kabilang ang iyong pangalan, tirahan, larawan, numero ng telepono o paaralan, kahit saan sa internet.
- **LAGING** sabihin sa iyong mga magulang o ibang nakatatandang kakilala ang tungkol sa sinumang contact mo online na hindi palagay ang iyong loob.
- **HUWAG** makipag-ayos ng isang pagkikita sa taong naka-chat mo online nang hindi lubos na nalalaman ng iyong mga magulang o tagapag-alaga. Magpasama sa iyong magulang/tagapag-alaga.
- **LAGING** pag-isipan bago ipadala (sending). Ang pagpindot sa 'ipadala (send)' ay tiyak at hindi mababago - hindi mo na ito maaaring bawiin.
- **HUWAG** magpadala ng sariling larawan sa sinumang hindi mo kilala.

Mga Magulang - protektahan ang inyong mga anak online

- **LAGING** turuan ang inyong mga anak tungkol sa mga panganib na kaugnay ng online na mga usapan.
- **TIYAKIN** na tatalakayin ninyo ang mga site na naaangkop sa edad ng inyong mga anak.
- **MAKIPAG-USAP** sa inyong anak tungkol sa mga ginagawa nila online at sa kanilang mga paboritong bisitahin na site.
- **I-TSEK** sa paaralan ng inyong anak, publikong aklatan, at iba pang mga lugar na dinadayo nila at alamin kung ano ang mga site sa internet na inaakses nila.
- **LAGING** subaybayan ang katayuan ng mga setting sa kaligtasan (safety settings) sa mga aparatong ginagamit ng inyong anak.

Protektahan ang mga aparato sa inyong tahanan

- **I-DEACTIVATE** ang mga setting tulad ng GPS mula sa mga site ng social media na ginagamit ng inyong anak.
- **SIGURUHING** ikaw at iyong pamilya ay gumagamit ng matitibay na password upang siguruhing ligtas ang inyong mga aparato.
- **LAGING** gumamit ng ligtas na mga web browser at mga aktibong paghihigpit ng magulang (parental control restrictions) sa kompyuter at mga aparato sa inyong bahay.
- **PROTEKTAHAN** ang mga password upang hindi awtomatikong makakabili ng apps ang inyong anak nang walang pahintulot ninyo.
- **HUWAG IBIGAY ANG IYONG PASSWORD KANINUMAN - KAHIT KANINO!**

Para sa higit pang impormasyon sa paksang ito bisitahin ang www.esafety.gov.au

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagpigil ng krimen bisitahin kami sa www.police.nsw.gov.au



Justice

Protektahan ang iyong mga anak



Triple Zero (000)

Para sa mga emerhensiya o mga sitwasyon na nalalagay ang buhay sa panganib.



Police Assistance Line (131 444)

Para sa mga hindi emerhensiya.



Crime Stoppers (1800 333 000)

Sa pagbigay ng impormasyon sa krimen, maaaring hindi magpakilala.